

Pagprotekta ng **Buhay** mula sa **Sakuna ng Pagguho ng Lupa!!**



Ano ang sakuna ng pagguho ng lupa?

Ang sakuna ng pagguho ng lupa ay nakakatakot na sakuna na ang pangunahing sanhi ay ang malakas na ulan o lindol. Maaaring agad na kunin nito ang ating buhay at ari-arian kapag biglang gumuho ang isang bangin o anurin ng tubig ang lupa.

Ang sakuna ng pagguho ng lupa ay naganap na nang ilang beses sa nakaraan sa Shiga Prefecture, na nagresulta sa pagkawala ng mga tahanan at buhay.



Pagguho ng bangin (Shimotoyama, Ritto City)

Nagawa mo na ba ang iyong pang-araw-araw na paghanda?

Ang "Pang-araw-araw na paghanda" at "Pagsuri ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna" ay mahalaga upang maprotektahan ang iyong sarili mula sa sakuna ng pagguho ng lupa.

Punto 1

Pang-araw-araw na paghanda

Palaging alamin kung nasaan ang mga evacuation shelter at mga lugar na nanganganib sa pagguho ng lupa, at kumpirmahin ang mga ruta ng paglikas kasama ng iyong pamilya!

Sumangguni sa ibaba para sa mga detalye



Punto 2

Pagsuri ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna

Suriin ang impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa mga TV ticker (gumugulong na teksto), online, atbp. Kapag may emergency!


Mga detalye sa likuran ⇒




Anong mga lugar ang nasa panganib ng pagguho ng lupa?

Ang Shiga Prefecture ay nagsasagawa ng mga survey sa mga lugar tulad ng lambak at bangin na nanganganib sa pagguho ng lupa at itinalaga at inilathala ang Mga Lugar na may Banta ng Pagguho ng Lupa at Mga Lugar na may Espesyal na Banta ng Pagguho ng Lupa upang protektahan ang buhay ng mga residente mula sa pagguho ng lupa.


Pagbaha ng putik



Pagguho ng bangin



Pagguho ng lupa



Una, tingnan mo ito!!

Suriin ang mga lugar na may panganib at ang mga lokasyon ng mga evacuation shelter sa mga mapa ng panganib o sa website ng Shiga Prefecture.

Mapa ng Impormasyon sa Pag-iwas sa Sakuna ng Pagguho ng Lupa ng Shiga Prefecture

Sumangguni rito para sa impormasyon sa Mga Lugar na may Banta ng Pagguho ng Lupa at Mga Lugar na may Espesyal na Banta ng Pagguho ng Lupa.

URL: <https://shiga-bousai.jp/dmap/top/index>

Resulta ng mga Survey sa Mga Lugar na may Banta ng Pagguho ng Lupa

Nakalathala sa website ng Shiga Prefecture. Sumangguni rito para sa pinakabagong resulta ng mga survey.

URL: <http://www.pref.shiga.lg.jp/kensei/gaiyou/soshiki/dobokukotsubu/sabouka/index.html>


Mapa ng Panganib

Nakalathala sa website ng mga munisipyo. Suriin ang mga lokasyon ng mga evacuation shelter, lugar na may panganib sa sakuna, atbp.

(Bersyon para sa cellphone)



Mapa ng Impormasyon sa Pag-iwas sa Sakuna ng Pagguho ng Lupa ng Shiga Prefecture



Nasa likuran ang impormasyon tungkol sa pag-ulat at pag-iwas sa sakuna!

(2) Paggamit ng Impormasyon sa Pag-iwas sa Sakuna

Siguraduhing suriin ang impormasyon tungkol sa panahon at paglikas kung sakaling malakas ang buhos ng ulan!!

Ang pangunahing dahilan ng sakuna ng pagguho ng lupa ay ang pagluwag ng lupa dulot ng matagal na pag-ulan. Sa panahon ng malakas na pag-ulan, bigyang-pansin ang impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na matatagpuan sa mga TV ticker (gumugulong na teksto) at online. Sa partikular, sumangguni sa **"Mga Antas ng Alerto"** sa ibaba upang malaman kung kailan ka dapat lumikas.




Mga Antas ng Alerto: Ano Ito?

Ang "Mga Antas ng Alerto" ay isang sistemang nag-aanunsyo ng antas ng panganib sa sukat ng 5 antas, gaya ng ipinapakita sa kanan, na nagbibigay ng indikasyon kung kailan dapat lumikas.

Kung ikaw ay nasa isang lugar kung saan may panganib ng sakuna, mangyaring lumikas nang maaga sa Antas 4 (o Antas 3 lalo na para sa mga matatanda at iba pa na nangangailangan ng oras upang lumikas).

Mga Alituntunin sa Paglikas ayon sa Antas ng Alerto



Pagbabahagi ng Impormasyon sa Kaligtasan at Seguridad ng Shiga

Shira-Shiga Mail
Shira-Shiga Line



Tumanggap ng mahalagang impormasyon saanman, kailanman!



Ang Shira-Shiga Mail (at LINE) ay isang serbisyong nagbabahagi ng impormasyon mula sa pamahalaan ng Shiga Prefecture, direkta sa iyong cellphone o kompyuter, gamit ang email o LINE.

Sa pamamagitan ng pagrehistro, **makakakuha ka ng pinakabagong impormasyon kapag ang mga antas ng alerto ay inanunsyo para sa iyong lugar.**

Sistema ng Impormasyon ng Civil Engineering ng Shiga Prefecture sa Pag-iwas sa Sakuna

Pakitingnan ang Sistema ng Impormasyon ng Civil Engineering ng Shiga Prefecture sa Pag-iwas sa Sakuna para sa mas detalyadong impormasyon sa pag-iwas sa sakuna.

Suriin ang iba't ibang impormasyon tulad ng mga balita sa pag-ulan at panganib ng pagguho ng lupa dulot ng pag-ulan habang ito ay nangyayari.

Sistema ng Impormasyon ng Civil Engineering ng Shiga Prefecture sa Pag-iwas sa Sakuna



URL:

<https://shiga-bousai.jp/index.php>

Magrehistro Dito

Shira-Shiga Mail



Magpadala ng email na walang laman sa address sa ibaba.

Mag-email sa login@pref-shiga-info.mailio.jp


(Maaari ring i-access gamit ang QR code sa kaliwa)

Shira-Shiga LINE



Hanapin ang opisyal na Shira-Shiga LINE account at idagdag ito bilang kaibigan.

(Maaari ring i-access gamit ang QR code sa kaliwa)



Ang bawat 1 km² na kwadrado sa mapa ay may kulay ayon sa panganib ng pagguho ng lupa nito. Ang mga antas ng alerto na ipinahihiwatig ng bawat kulay ay ipinapakita sa ibaba. Mangyaring sumangguni rito kung sakaling malakas ang buhos ng ulan.

Paparing na Sakuna (katumbas ng Antas ng Alerto 5)
Panganib (katumbas ng Antas ng Alerto 4)
Babala (katumbas ng Antas ng Alerto 3)
Pag-iingat (katumbas ng Antas ng Alerto 2)